
1

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 6:

## Kaya Kong Gumuhit




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 6: Kaya Kong Gumuhit**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**
**Manunulat:** Mary Ann G. Ruma
**Editors:** Hilda Mariano, Editha V. Blas, Marjorie D. Pilon, Joy C. Gabriel
**Tagasuri:** Perfecta M Bautista,Elizabeth R Berdadero, Fidel B Manaligod, Jenelyn B Butac, Miraflor B Mariano
**Tagaguhit:** Franklin Q. Garcia
**Tagalapat:** Elizabeth R. Berdadero, Ian Agustin, Marjorie D Pilon , Roselily M. Esteban, Jay Lord B. Gallarde
**Tagapamahala:** Estela R. Cariño
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Roderic B. Guinucay
Janette V. Bautista
Marivel G. Morales
Robert T. Rustia

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________
**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 6:

## Kaya Kong Gumuhit

## Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Kaya Kong Gumuhit

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa <u>Araling Panlipunan 1</u> ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa <u>Kaya Kong Gumuhit.</u>

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |

| | |
|---|---|
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang |

| | |
|---|---|
| | patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang

konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Sa modyul na ito ay pag-aaralan natin ang mahahalagang bagay, lugar, at estraktura sa isang komunidad. Gagamitin ang mga kasanayang ito sa pagbuo ng isang payak na mapa mula sa tahanan patungo sa paaralan.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

Makagagawa ng payak na mapa mula sa tahanan patungo sa paaralan.



# *Subukin*


Ano-ano ang mga bagay at gusali na nakikita o nadadaanan nina Ben at Aya pagpunta sa paaralan?


**Basahin ang kuwento at unawain:**

**ANG KAMBAL**



ni Mary Ann G. Ruma

Sina Ben at Aya  ay kambal na magkapatid. Sila ay nasa unang baitang. Araw-araw silang naglalakad papuntang eskwelahan  .

Paglabas nila ng kanilang bahay  ay tatawirin nila ang maliit na tulay  at isang palaruan  . Bago nila marating ang kanilang paaralan  ay sumasaglit sila sa simbahan  upang magpasalamat sa Diyos.

Dumadaan din sila sa tindahan  para mamili ng kanilang meryenda.

**Panuto**: Kulayan ang tamang larawan sa loob ng kahon.

| | |
|---|---|
| 1. tindahan |  |
| 2. Tulay |  |
| 3. Paaralan |  |
| 4. Simbahan |  |
| 5. manggahan |  |

# Modyul 6


# Kaya Kong Gumuhit

Ang batang katulad mo ay nararapat na magkaroon ng kaalaman tungkol sa mga bagay at lugar na nakapalibot sa iyo. May mga iba't ibang bagay o estraktura ang nagbabago at napapalitan sa paglipas ng panahon.

Mararanasan mong maging tagaguhit ng payak na mapa na nadadaanan mo mula sa iyong tahanan patungo sa iyong paaralan. Ito ay makatutulong sa iyo upang mabilis kang makarating sa iyong paroroonan.

## Balikan

Pagmasdan mo ang mapa na nagpapakita ng lokasyon ng bahay nina Ben at Aya at ang kanilang paaralan.



**Panuto**: Iguhit ang mga estraktura o bagay na madadaanan nina Ben at Aya sa loob ng kahon.

1. Unang bagay o estraktura



2. Pangatlong bagay o estraktura

3. Huling bagay o estraktura


## *Tuklasin*

**Panuto**: Gamitin ang mapa at sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Anong bagay o estraktura ang ikalawang nadaanan nina Ben at Aya?

a.  b.  c. 



2. Ano ang nasa harapan ng paaralan?

a.  b.  c. 



3. Ilang bagay o estraktura ang madadaanan mo mula sa bahay nina Ben at Aya patungo sa kanilang paaralan?

a. 5 b. 4 c. 3

4. Anong bagay o estraktura ang nasa pagitan ng palaruan at sa bahay nina Ben at Aya?

a.  b.  c. 

5. Anong estraktura ang makikita sa harapan ng paaralan?

a.  b.  c. 

## Suriin

Ano-anong mga estraktura ang nadaanan nina Ben at Aya sa pagpasok sa paaralan?


Iba-iba ang mga bagay o estraktura ang nadaanan nina Ben at Aya sa kanilang pagpasok sa paaralan. Ang mga gusaling ito ang kanilang naging pananda upang makarating sila sa kanilang paaralan ng hindi naliligaw.

Alam mo ba na maraming bagay ang maaari mong madaanan sa pagpunta sa lugar na iyong pupuntahan tulad ng paaralan. Ang ilang halimbawa ng mga bagay o estraktura na ito ay ang


a. mga gusali
b. mga puno at halaman
c. mga tulay
d. paaralan
e. pook pasyalan o parke
f. simbahan
g. palengke
h. hospital, at iba pa

# Pagyamanin

**Panuto:** Lagyan ng tsek ( / ) ang patlang sa ibaba ng larawan ng lugar na nakikita o nadadaanan mula sa bahay patungo sa paaralan.



____________




____________




____________



____________



____________

# Isaisip

**Panuto:** Punan ang bawat patlang ng tamang sagot. Piliin ang sagot sa mga salita sa loob ng kahon sa ibaba.

Mainam na may _______________ ka sa mga _____________ at _______________na makikita sa iyong dinaraanan mula sa iyong ____________ patungo sa iyong paaralan.

Ito ang magiging gabay mo sa iyong _____________ upang hindi ka maligaw sa iyong patutunguhan.

| | | |
|---|---|---|
| kaalaman | bagay | tahanan |
| paglalakbay | | estraktura |

## *Isagawa*

Panuto: Iguhit mo ang iyong bahay at paaralan sa loob ng kahon. Kulayan ito.

## *Tayahin*

Panuto: Isulat ang TAMA o MALI sa bawat patlang ayon sa sinasabi ng bawat pangungusap.

________1. Mahalaga na malaman ko ang mga estraktura o mga bagay mula sa aking tahanan patungo sa aking paaralan.

________2. Globo ang ginagamit ko upang makita agad ang tamang direksiyon ng aming bahay.

________3. Magagamit ko ang mapa sa paghahanap ng kinalalagyan ng isang bagay o lugar.


________4. Nalalaman ko sa mapa kung ang isang bagay o lugar ay malapit o malayo.

________5. Nakalilito ang paggamit ng mapa sa paghahanap ng bagay o lugar.

# Karagdagang Gawain

Panuto: Gumawa ng sariling mapa ng mga estrakturang nadadaanan mo patungong paaralan. Ilagay ang larawan sa loob ng kahon. Gawing makulay ang iyong iginuhit.

**Subukin:**

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

**Balikan:**

1. 
2. 
3. 

**Tuklasin:**

1. c
2. b
3. b
4. c
5. b

**Pagyamanin:**

Posibleng Sagot
Simbahan
Tulay
Mall
Palaruan
hospital

**Isaisip:**

1.kaalaman
2. bagay
3. estraktura
4. tahanan
5. paglalakbay

**Isagawa:**







**Tayahin:**

1.Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Mali

**Karagdagan Gawain:**

Posibleng Sagot




# Susi sa Pagwawawasto

# *Sanggunian*

Miranda, Noel P. et al. (2017).Araling Panlipunan 1 Kagamitan ng Mag-aaral. Pasig City: Department of Education-Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR).

Dayag, Alma M. (2018). Ikalawang Edisyon Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino 1 para sa Mag-aaral. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc.

HRmariano- 8-15-2020

EdithaBlas – 11-23-2020

MarjoriePilon

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph